



Muling bubuksan ng Lungsod ng Brampton ang lahat ng sementeryo sa araw na ito, Hunyo 19

BRAMPTON, ON (Hunyo 19, 2020) – Bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas at pagbangon ng Brampton, ang lahat ng sementeryo ng Lungsod ay muling nagbukas sa araw na ito, Hunyo 19.

Bubuksan ang mga sementeryo mula Lunes hanggang Linggo mula 7:30 AM hanggang 9 PM.

Seryosong hinaharap nang Lungsod ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad, at gagawin sa mga sementeryo ang mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba. Hinihikayat ang mga residente na manatili na pinakamababa dalawang metro (anim na piye) ang layo mula sa isa't isa sa lahat ng oras.

Magsasara ang mga gate sa panahon ng mga libing na umabot sa pinaka-maraming pinapayagang dumalo. Muling magbubukas ang mga gate kapag natapos na ang mga serbisyo.

Bukas ang Tanggapan ng Sementeryo batay sa appointment lamang. Ang mga mahalagang serbisyo, tulad ng paglilibing at pagbebenta ng libingang plot, ay patuloy na ibibigay batay sa appointment lamang. Hinihiling ang mga residente na tumawag sa 905.874.2997 para magpa-appointment.

Hindi pinapayagan ang mga aso sa mga sementeryo ayon sa Ordinansa sa Sementeryo 83-2016.

Ipapaskil ang mga karatula sa labas ng mga sementeryo na may mga patnubay na pangkalusugan at pangkaligtasan bilang tugon sa COVID-19. Hinihiling ang mga residente na tumawag sa Corporate Security Services sa 905.874.2111 para i-report ang anumang mga isyu.

Pinapangasiwaan ng Lungsod ng Brampton ang Brampton Cemetery, at 25 nangungunang mga sementeryo. Ang isang talaan ng mga sementeryo ay [makikita rito](#).

Mga Pangkaligtasang Pamamaraan sa COVID-19

Hinihikayat ng Lungsod ang mga residente na magdala ng kanilang personal na disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, madalas na hugasan ang kanilang mga kamay, umubo o bumahing sa kanilang siko, at magsuot ng mga hindi medikal na mask. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa mga regular na update, at tawagan ang 311 para kontakin ang Lungsod ng Brampton at ang Rehiyon ng Peel anumang oras.

Mga Quote

“Ang muling pagbubukas ng mga sementeryo ng Lungsod ay isang mahalagang hakbang sa ating plano sa muling pagbubukas at pagbangon para sa Brampton. Alamin natin kung gaano ito kahalaga sa mga



residente, lalo, lalo na sa mga nawalan ng mga mahal sa buhay. Matiyaga tayong nagtatrabaho para unahin ang mga pangangailangan ng mga residente at ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng Working Group sa Muling Pagbubukas at Pagbangon, patuloy tayong magkakaroon ng makahulugang mga talakayon para matiyak ang komprehensibong pamamaraan sa muling pagbubukas ng ating mga pasilidad at mga amenidad. Muli nating binubuksan ang mga sementeryo para magbigay nitong mahalagang serbisyo ng Lungsod sa isang ligtas na paraan na nagpapahintulot sa mga residente na alalahanin ang kanilang mga mahal sa buhay.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal Wards 3 at 4; Lead, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Ang ligtas na muling pagbubukas ng mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod ay unang prayoridad para sa Lungsod ng Brampton at sa ating staff. Magpapatuloy tayo sa paggawa ng kailangang mga hakbang para matiyak na muli nating binubuksan ang mga serbisyo ng Lungsod sa publiko sa isang responsible at ligtas na paraan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca